De La Salle University

# Ang Pilosopiya ng Katipunan: Isang Pagsusuri Sa Diwang Nasyonalismo

Disertasyon na Iniharap sa
Kaguruan ng Departamento ng Pilosopiya
Pamantasang De La Salle

Bilang Bahagi ng mga
Gawaing Kailangan sa Pagtatamo ng Titulong
Doktor sa Pilosopiya Medyor sa Pilosopiya

ni

Jing Rivera Reyes

Setyembre 1998

12 NOV 1998

AKLATANG EMILIO AGUINALDO
ARCHIVES

## BUOD NG DISERTASYON

**Pangalan ng Institusyon:** De La Salle University

**Lokasyon:** Lunsod ng Maynila

**Titulo:** Ang Pilosopiya ng Katipunan: Isang Pagsusuri sa Diwang Nasyonalismo

**Awtor:** Jing Rivera Reyes

**Pondo:** P 30,000.00

**Petsa ng Pasimula:** Hunyo 1998

**Petsa ng Pagtatapos:** Setyembre 1998

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Ipakita na ang pilosopiya ng Katipunan sa mga akdang Andres Bonifacio at Emilio Jacinto ay mahalagang ambag sa pagbubuo ng pilosopiyang Filipino.
2. Ipakita na ang mga pagtatalakayan ukol sa kultura, ekonomiya, pulitika, relihiyon, at edukasyon ay mga mahalagang batayan sa pagbubuo ng pilosopiyang Filipino na siyang saligan ng nasyonalismong Filipino.
3. Ipakita na ang pagsasabuhay ng mga pilosopiya ng Katipunan ay mga mahalagang batayan sa higit na pagsasarili at pag-unlad ng bansang Pilipinas.
4. Ipakita na ang usaping nasyonalismo ay mahalagang batayan sa pag-iral ng ano pa mang bansa

**Saklaw at Nilalaman:**

1. Ang pag-susuri sa mga tekstong Andres Bonifacio sa kanyang mga akdang pampilosopiya katulad ng *Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog, Pag-ibig sa*

pagkalas sa kolonyang Espanya sa pamamagitan na rin ng mga pilosopiya ng Katipunan.

3. Ang patuloy na intelektwalisasyon ng kaisipang Filipino sa sariling wika, ang wikang Filipino na hindi rin naman isinasantabi ang iba ibang dayalekto sa Pilipinas.
4. Ang patuloy at matatag na mga kampanya sa nasyonalismong Filipino. Ang mga guro ay dapat na patuloy na sumailalim sa mga pagtitipon at seminar ukol sa nasyonalismo.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## PAUNANG SALITA

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong itaguyod ang aspirasyon ng mga mamamayang Filipino sa isang tunay na diwang nasyonalismo. Hindi iilang mga mananaliksik ang nagbigay ng patunay ukol sa nasyonalismong Filipino, subalit, marami pa ring mga katanungan na umuukilkil sa isipan ng napakaraming mga Filipino. Maituturing nga ba nila ang mga sarili bilang Filipino na bumubuo ng isang nasyon? Ngayong ipinagdiriwang ang Sentenaryo ng Himagsikang Filipino ay nararapat lamang na bumalik sa nakalipas at suriin ang mga pilosopiya ng Katipunan na pangunahing matatagpuan sa mga akdang Bonifacio at Jacinto

Ang malayang pag-iisip ay lubhang kinakailangan sa kasalukuyan upang maipahayag ang pagkakaisa, pagkakakilanlan, at awtonomiya na siyang mga salalayan ng diwang nasyonalismo.

Hindi kalabisang sabihin na mayroong tiyak na matatawag na pilosopiyang Filipino na pinagsusumikapang ilahad ng mga makabayang mananaliksik sa paggamit na rin ng isang wikang naiintindihan ng lahat, ang wikang Filipino.

Ang pagsusumikap na ito ay isang patunay, subalit malaya pa rin ang bawat isang Filipino na bumalangkas ng kanilang mga sariling pag-iisip na makatutulong sa pag-unlad ng Bayang Pilipinas.